RESOLUSYON BLG. 86
KAUTUSAN BLG. 21

KAUTUSAN NA NAGPAPATAW NG KARAMPATANG BUWIS SA MGA MAY ARI NG MGA BANGKANG NANGAGALING SA IBAT IBANG BAYAN NA INAARKILA NG MGA LOKAL NA MAMUMUHUNAN UPANG KARGAHAN NG ISDA GALING PALAWAN AT IBA PANG BAYAN

SEKSYON 1. Ang lahat ng mga may ari ng malalaking bangkang nagmula sa ibang Bayan at nagpapaarkila ng mga nasabing bangka sa mga lokal na mamumuhunan upang kargahan ng isda galing Palawan at iba pang Bayan patungo sa Bulalacao ay inaatasang kumuha ng lisensya at magbayad ng kaukulang mga buwis;

SEKSYON 2. Ang pagbabayad sa mga lisensya ay bawat taon at batay sa nakatakda sa ibaba nito:

| | | |
|---|---|---|
| a) | Application Fee | ₱ 20.00 |
| b) | Mayor's Permit | 200.00 |
| k) | Business Tax | 400.00 |
| d) | Sanitary & Medical Permit | 20.00 |
| e) | Inspection Permit | 20.00 |
| g) | Service Fee | 20.00 |
| | TOTAL | 680.00 |

SEKSYON 3. Ang sinumang lumabag sa Kautusang ito ay mamimilanggo ng anim (6) na buwan at magmumulta ng dalawang libo at limang daang piso (₱2,500.00) o alin man sa dalawa alinsunod sa kapasyahan ng Hukuman;

SEKSYON 4. Kautusan o mga Kautusan salungat sa Kautusang ito ay pinawawalan na ng bisa;

SEKSYON 5. Ang Kautusang ito ay magkakaroon ng bisa sampung (10) araw matapos ang pagpapatalastas;

GAYUN DIN, pinagpasyahan pa na ipadala ang mga sipi ng Kautusang ito kalakip ng Kapasyahang sa Tanggapan ng Pambayang Ingat Yaman para sa kanilang kabatiran at panuntunan;

SA MUNGKAHI ni Kagawad Senen C. Familara at pinangalawahan ng lahat ng mga Kagawad na dumalo, ang Kautusang ito ay . . . . . .

PINAGTIBAY NG LAHAT:

PINATUTUHANAN KO ang kawastuhan ng Kautusang ito.

SIXTO C. SARMIENTOS
Kalihim ng Bayan